# Secondary Suite Incentive Program

**Factsheet**
**Spring 2024**

**Makakuha nang hanggang $40,000 para magtayo ng isang bagong affordable rental suite sa iyong tahanan.**

Ang homeowners ay tinutulungan ng Secondary Suite Incentive Program na gumawa ng bagong affordable rental housing sa kanilang mga komunidad. Ang programa ay nagbibigay ng rebate sa anyo ng isang forgivable loan—ito'y isang utang na hindi kailangang bayaran kung susundin ng homeowner ang mga tadhana ng programa. Ang rebate ay naglalaan nang hanggang $40,000 para ma-i-convert ng homeowners ang bahagi ng kanilang property upang gawin itong secondary suite.

**Paano ba gumagana ang program?**

Ang homeowners na kwalipikado ay bibigyan ng forgivable loan nang hanggang 50% ng gastos para sa renovations, hanggang $40,000. Matatanggap ng recipients ang kanilang rebate sa anyo ng isang forgivable loan na rehistrado sa title.

Para ma-forgive ang loan, dapat sundin ng homeowner ang mga sumusunod:

- patuloy na manirahan sa tahanan, at
- ang suite ay dapat paupahan nang mas mababa sa market rates nang 5 taon man lamang

Ang rental affordability rates ay mahahanap sa bchousing.org/secondary-suite.

**Eligible ka ba?**

Ang sumusunod ay summary ng homeowner at property eligibility para sa rebate na ito.

| Homeowners | Properties | Secondary Suite |
|---|---|---|
| • (Mga) rehistradong may-ari ng property<br>• Canadian citizens o kaya permanent residents<br>• Nakatira sa property bilang kanilang pangunahing tahanan<br>• Ang combined gross annual income ng homeowners na nasa title ay hindi lalampas ng $209,420 (sa nakaraang tax year) | • Nasa loob ng aprobadong listahan ng municipalities o regional districts sa British Columbia<br>• May BC Assessment value na mas mababa sa homeowner grant threshold ($2.15 milyon sa 2024) | • Bagong legal self-contained unit na may kitchen at full bathroom (hindi eligible ang improvements sa existing rental units)<br>• Ang laneway homes/garden suites ay eligible<br>• Natanggap ang municipal o regional district building permits sa Abril 1, 2023 o pagkatapos ng petsang ito |

Ang detalyadong eligibility criteria at mga tadhana at kondisyon ay mababasa sa bchousing.org/secondary-suite.

**Anong mga gastos ang eligible?**
Ang mga gastos na sakop ng rebate ay dapat diretsong may kinalaman sa paggawa ng bagong secondary suite; kasama dito ang:

- Architectural at design fees
- Structural modification
- Electrical work
- Fixtures
- Appliances (50% ng aktwal na halaga hanggang sa $2,500)
- Building at trade permit fees
- Mga ginastos sa pagkuha ng certificates, drawings, at specifications na diretsong may kinalaman sa eligible na trabahong gagawin
- Materyales na may kinalaman sa aprobadong construction
- Contractor labour (hindi kasama ang trabahong ginawa ng Aplikante o ng sinumang miyembro ng Sambahayan)
- PST at GST

**Ang mga sumusunod na gastos ay hindi eligible:**

- Extensions, conversions, pagpapaayos o pagpalit ng items para sa homeowners
- Gastos sa labour para sa trabahong kinompleto ng homeowner on ng sinomang miyembro ng sambahayan
- Gastos sa landscaping

**Bukás na ang applications! – Maghanda na ngayon.**

Ang applications ay aaprubahan nang first-come, first-served hanggang naubos na ang annual funding.

Tingnan kung ikaw ay eligible at mag-apply na ngayon para sa permits mula sa iyong municipality o regional district.
Kung ikaw ay kasalukuyang nagplaplano o nagpapagawa ng isang secondary suite, isasaalang-alang ang applications kung ang building permit ay inisyu ng municipality o ng regional district sa Abril 1, 2023 o pagkatapos ng petsang ito.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Tingnan kung ikaw ay eligible | I-check ang eligibility online sa [bchousing.org/secondary-suite](bchousing.org/secondary-suite) at rebyuhin ang detalyadong eligibility criteria |
| 2 | Planuhin ang iyong project at maghandang mag-apply | Magtanong sa iyong municipality o regional district kung pinahihintulutan ng zoning ang isang secondary suite sa iyong property, maghanap ng contractors at financing, at mag-apply para sa isang building permit, tulad ng kinakailangan |
| 3 | Ihanda ang mga dokumento at mag-apply online | Bukás na ang applications, isubmit ang iyong online application sa [bchousing.org/secondary-suite](bchousing.org/secondary-suite)<br><br>Kailangan mo ng mga dokumentong nagpapakita na ikaw ay eligible (katunayan ng residence at income) at isang municipal o regional district building permit |

| | | |
|---|---|---|
| 4 | Makatanggap ng approval at ipagawa ang secondary suite | Oras na natanggap ang approval, kumpletohin ang construction ng iyong secondary suite |
| 5 | Isubmit ang occupancy permit at katunayan ng ginastos para sa construction | Oras na kompleto na ang construction, ang iyong municipality o regional district ay mag-i-issue ng occupancy permit.<br><br>I-submit ang occupancy permit at katunayan ng ginastos para sa construction para matanggap ang loan |
| 6 | Paupahan ang suite at mintinahin ang program requirements | Kapag pinaupahan mo ang iyong bagong secondary suite sa affordable market rent, ang loan ay ifo-forgive nang 20% bawat taon para sa limang taon kapag natupad na ang program requirements |

**Pare sa karagdagang impormasyon**
Bisitahin ang bchousing.org/secondary-suite
Tumawag sa 604-439-4727 (opsyon 3)
Libreng matatawagang telepono 1-877-757-2577 (opsyon 3)